

# 1

“Hashtag bitter!” Umirap pa ang baklang si Jai kay Blair dela Zerna habang nakatingin sa issue ng magazine para sa buwang iyon.

Paikot-ikot ang twenty-five-year-old na si Blair habang nakaupo sa kanyang swivel chair. Nasa opisina niya ang mula high school na BFF na baklang si James Ramos na may palayaw na Jai. Isang editor-in-chief sa magazine na iyon ang kaibigan ng dalaga. Ginamit niya ito para sirain ang kanyang thirty-five-year-old ex-boyfriend na si Sebastian Everett. Isa itong CEO at tagapagmana ng *WireSat Telecom* at ibang malalaking businesses sa bansa.

Inihagis ni Jai ang kopya niya ng magazine sa ibabaw ng kanyang mesa. Kinuha niya iyon. Napangisi pa siya sa ginawa niya. Nagbigay kasi siya ng interview nang anonymous at tinira niya talaga nang sadya ang pangalan ng kanyang ex. Sinabi niya ang lahat ng alam niyang paninira sa binata.

She was almost sure that the article titled *Confessions of Sebastian Everett's Ex* would discourage other women from falling for Sebastian. Sinabi niya roong malakas humilik ang binata, may bad breath

ito kung kaya parati itong may spray o kaya gum na nginunguya, may athlete's foot ito at kung anu-ano pa.

“Since I can't move on from my ex, mabuti na 'yong hindi rin siya makapag-move on, Jai. Para patas lang kami.” Napangisi siya ulit sa kaibigan.

Nag-aalala naman ang expression sa mukha nitong may kolorete. May hanggang balikat ang pinakulayan ng pula na buhok ng kanyang gay BFF, well-manicured ang kuko nito at cross-dresser din ito. Katulad na lang ngayon. Nakasuot ito ng palda at blazer na pinarisan pa ng wedges. Sa unang tingin ay mukha talaga itong babae. Kulang na lang ay maging transgender ito.

Napakrus ng mga braso ang bakla habang nakatingin ito sa kanya. “Are you sure it's going to be effective? Baka naman mamaya maka-receive na lang kami ng subpoena for libel or slander or defamation. Mahirap na talaga, Blair!”

Napataas ang isang kilay niya. “Are you backing out now? Well, it's already too late to do that now, isn't it? The issue is already printed out and distributed to your clients, Jai. Besides, you can say that it's the interviewee's discretion, who wants to remain anonymous. You're just a medium.”

“But he knows that it’s you, for Pete’s sake!” saad pa ng kaibigan niya. Napailing pa ito pagkatapos. “I shouldn’t have approved this.”

Napatawa pa siya nang malakas. “Jai, relax! Bastian is not that kind of person. He’ll let this go and will just ignore this piece of shit. And somehow... alam kong may pagmamalasakit pa rin siya sa akin kahit ayaw niyang ipakita ’yon. Nararamdaman ko ’yon. Ang sa akin lang naman ay sinisiraan ko siya para hindi makalapit sa kanya ang ibang mga babae! At sa gan’on, hindi siya makapag-move sa kahit na sino. At iyon ang gusto kong mangyari. Hindi siya mag-move on. Do you get me, Jai?” Sumandal pa siya sa kanyang swivel chair.

Pero sa loob-loob ni Blair ay nakonsyensya siya sa kanyang ginawa. Noong una sa isip niya ay hindi naman talaga ito makakaapekto sa binata. Pero baka nga tama si Jai. She went overboard with the interview. Kaya lang ay hindi na niya alam kung paano i-retract iyon. Dapat kaya siyang magkaroon ng anonymous counter-interview para roon? Ito ang naglalaro sa isip niya ngayon para naman makabawi.

Hanggang ngayon ay hindi niya pa rin maintindihan kung bakit hindi ipinaliwanag ni Bastian ang totoong dahilan ng hiwalayan nila.

Frustrated pa rin siya. Basta isang araw na lang ay kinausap siya nito at sinabing tapos na sila.

Itinukod pa ng kaibigan niya ang dalawang kamay nito sa kanyang salaming mesa. Napatitig ito nang husto sa kanya nang seryoso pa rin ang mukha.

“Blair, I really think that you two have reached the so-called ‘twilight of your love’ zone when you split up. It was just not meant to be. After this whole thing, why don’t you just... take a break, pull yourself together and move on? Nang sa gayon, hindi na rin ako napapagod sa ginagawa mong ito.”

Napahugot pa siya ng malalim na hininga. Tinitigan niya ito nang mapait at umiling.

“You are my best friend, Jai. You know me. I can’t let this go. I can’t let our relationship go. And certainly, I can’t just let him go! I still love him so much, Jai, that it tears me apart every single day that we’re not together! He was the only one who showed me how it is to be loved... really loved, you know. My parents... parati silang wala. Malayo sila simula noon pa dahil busy sa negosyo. At ang kapatid ko naman ay nasa malayo din. I had no one. But he was always there for me. He loved me!”

Tumuwid si Jai na napahigit ng hangin. He

pursed his lips while looking at her.

“It’s been a couple of months since you’ve been apart, Blair. He never called you, texted you, approached you or whatever! Signs na ’yon na nakapag-move na siya. Even though wala tayong nabalitaan na may iba na nga siyang babaeng ipinalit sa ’yo, still... he could have already moved on. Updated ka naman tungkol sa kanya, di ba? Busy siya sa kanyang negosyo. He’s been in and out of the country more than a couple of times.”

Mas lalo pa siyang nalungkot at nasaktan dahil sa narinig.

*That cold bastard! Has he already moved on? nasa isipan pa niya.*

“Besides, I think you’ve done enough damage to him already. Remember that you threw a dozen of eggs in his office when he got there?”

Blair remembered it was the first day after their split. Nagpunta siya sa office nito at itinapon ang mga itlog sa buong office ng binata dahil sa galit at hindi niya matanggap na wala na silang dalawa.

“At hindi lang iyon. You told his parents that you’re pregnant after a couple of months. They were worried for a time dahil wala na nga kayo. Pero hindi

naman totoong buntis ka. Sinabi mo na lang na false alarm lang. After that, you vandalized his gate!”

Napaisip pa siya sa mga nangyaring iyon. Naalala niya ang isinulat niya roon. *Bastian, I hate you!*

“You also vandalized his social media accounts’ walls almost everyday! Kaya nga wala na siyang accounts na ginagamit ngayon. Deactivated na lahat. At hindi ka pa nagkasya doon. You used his credit card up to its limit, buying all those unimportant stuff that you had delivered on his doorstep, all in one hour! At hindi lang ’yon. Ginamit mo rin ang *Paypal* account niya at inubos ang lahat ng laman niyon para lang sa dog food. Ano ’yon? You were going to bribe his pet bulldog?”

Napalunok pa siya habang nakikinig sa lahat ng ito na sinasabi ng kaibigan niya.

“Wow, Blair! You’re just like a crazy ex-girlfriend on a different level. Psycho level na. Kontrabida sa buhay niya.” Napasapo ito sa ulo na naiiling at napatingin pa sa kisame.

“I never regretted those actions that I did,” pagsinungaling pa niya.

“Well, maybe not yet.”

Ilang beses din niyang pinagdiskitahan ang kotse ni Sebastian. Parati niyang ginagawang flat tire ito habang nakaparada sa parking lot ng kompanya nito. Kung hindi naman, she dented or scratched his cars more than a couple of times sa iba't ibang bahagi niyon.

Still, Sebastian did not call or text her. Instead, he just used another car while the others were in a machine shop. This made her frustrated at the time. Hindi lang iyon. Nasaktan din siya sa pagiging malamig ng binata na tila ba'y wala talaga siyang halaga para rito.

Naging magnobyong sila nang dalawang taon. Naramdaman niya talagang importante siya sa buhay nito. Pero nauwi sa wala ang lahat. Kahit sa agwat ng kanilang edad ay naisip niyang ito ang lalaking nakatadhana para sa kanya. Kaya napakasakit para kay Blair ang pakikipaghiwalay nito sa kanya.

*And it was all because he said that he doesn't love me anymore and doesn't want to have any commitment,* sa loob-loob pa ng dalaga. Napakuyom pa siya ng mga palad.

“So, can you please stop acting like a psycho?” pakiusap ni Jai.

Naihampas ni Sebastian ang magazine sa ibabaw ng kanyang mesa. Nabasa niya ang pangalan niyang nasa title pa ng article ng issue na iyon. Bukod doon ay nasa cover pa.

Tinawag pa niya ang kanyang personal assistant na si Ryan. Medyo may-edad na ito pero ayaw kasi nitong magpatawag ng 'Kuya' mula pa noon kaya tinatawag na lang niya ito sa pangalan.

“Why did you give me this mag?” inis na sita niya rito nang pumasok ito sa opisina niya.

Napakamot ng batok ang medyo chubby na lalaki na mayroong salamin sa mga mata.

“Ah... eh... ’ika ko baka gusto n’yo pong malaman ang tungkol sa sinasabi ng anonymous ex-girlfriend mo, Sir Bastian,” tugon nito.

Napatayo siya mula sa kanyang swivel chair. Napaisip pa siya kay Blair. Kagagawan uli ito ng kanyang ex na napaka-bitter at hindi pa rin makapag-move on hanggang ngayon. Wala naman siyang ibang baliw na ex kundi ang babaeng iyon.

Nakapamaywang pa siyang napatingin sa magazine.



“Tatawagan ko na po ba si Atty. Salazar, Sir?”  
anang PA.

Hindi siya agad sumagot. Napapaisip pa si Sebastian kung ano ang puwedeng gawin ngayon. Dalawang buwan na silang hiwalay ng dalaga, pero hindi pa rin siya nito tinitigilan. Siguro ay dahil inignora niya lang ang bawat ginagawa nito. Sa isip niya kasi ay parang bata lang ang inakto ni Blair at hindi kailangang patulan. O kaya ay pino-provoke lang talaga siya ng babae.

Kasalanan din niya. Masyadong malabo ang dahilan ng pakikipaghiwalay niya rito. Simpleng ayaw niya lang ng commitment at hindi na niya ito mahal. Pero sa totoo lang ay siya itong naduduwag. Katunayan ay mahal niya pa rin ang dalaga.

Naalala pa niyang napakalambing nitong girlfriend. Napaka-sweet at mapagbigay. Asikasong-asikaso siya nito. Hindi nito nakakalimutan ang unang araw ng kanilang pagkikita, kaya may hiwalay silang selebrasyon noon. Hindi rin nito nakakalimutan ang unang araw na nanligaw siya at ang araw na sinagot siya nito.

At siya naman ay hindi ito nakakalimutang bigyan ng regalo sa bawat importanteng mga araw na iyon. Parati niya itong sinosorpresa ng basket na

may bulaklak at balloons o kaya ay ibili ito ng mga mamahaling regalo katulad ng kuwintas at bracelet. At kapag nag-aaway sila ay hindi niya ito sinusukuan.

But he never attempted to call or text her to know what else she wanted from him after their split-up. Hindi niya magagawa ito. Sa loob-loob niya ay ayaw niyang matukso. Hindi pa siya handa sa commitment na klarong-klarong gusto ng dalaga. At hindi rin siya handang masaktan kapag darating ang araw na iiwan siya nito lalo na't may nasaksihan siya noong kayakap at kahalikan nito.

“No. Just let it be, Ryan. Sa susunod, don't show me anything like this. Naiinis lang ako.”

“Sorry, Sir.”

Napahugot pa siya ng hangin. “Is it time for my luncheon meeting?” Napasulyap na lang siya sa kanyang relong pambisig.

“Ah, yes, Sir. Tayo na?”

Bago pa makasagot si Sebastian ay tumunog ang kanyang cellphone. Bahagya pa siyang nagtataka nang napatawag ang kanyang best buddy na si Ian.

“O, pare, napatawag ka,” bungad pa niya.

“Just arrived in Manila, pare. May oras ka ba

ngayon para magkita tayo?” tanong pa ng kaibigang galing U.S.

“Oh, I didn’t know you’re back. And I’m sorry, pare. I can’t. I have a business meeting right now. How about later at dinner instead para tuloy-tuloy ang pag-catch up natin?” sa halip ay suhestyon niya.

“Well, that’s great, pare. See you then!”

---

“So, how about we hang out tonight? Mas mabuti pa sigurong mang-cat hunting tayo, ano?” Nakangiti pa si Jai na nag-suggest niyon habang kumakain sila ng lunch sa cafeteria ng ospital na mina-manage ni Blair bilang direktor at administrator.

Dumalo naman sa kanila ang kaibigan niyang neurosurgeon na si Neva. Kagagaling lang nitong mag-opera ng isang pasyente.

“Wow, sama ako!” sabi ng kikay na doktora na inilapag ang tray sa mesa sa harapan niya. Tumabi ito kay Jai.

Napatingin pa rito ang bading nang may malawak na ngiti sa labi.

“Gusto talaga kita, Doc Neva! Hindi ka KJ katulad nitong kaibigan nating hindi makapag-move on sa ex

niya to the point that she's losing it!"

Inirapan pa niya ang bakla. Napatawa si Neva.

"Bakit, ano na naman ba ang ginawa niya?" tanong nito kay Jai.

Blair sipped the soft drink while looking at the two, discussing about her like she was nowhere to be seen. Gusto niyang pag-uumpugin ang ulo ng dalawa.

Nagkuwento nga ang bakla. "Really, kinakabahan na ako sa mangyayaring ito, eh! Pa'no kung idedemanda ang kompanya ko?"

"Wow! Mabasa ko nga ang issue na 'yan. It'll be exciting!"

Napailing pa si Jai. "Ikaw naman. Puro ka talaga exciting, Doc Neva. Bakit hindi mo kaya operahan sa utak itong kaibigan natin at nang tumino na?"

Napabuntong-hininga ang doktora na napatingin sa kanya. Bahagya pa itong sumeryoso. "Ano, tatawagan ko ba si Dr. Santos?"

Pinandilatan pa niya ito. "Huwag mo ngang isali rito si Nathaniel. Ang bait ng taong 'yon."

"Yeah, and he'll disapprove if not devastated to learn the things that you did," salo pa ni Neva.

Napakurap-kurap pa si Blair. Hindi lingid sa kaalaman ng dalawa na kaibigan niya rin ang psychiatrist na iyon simula college. Nanligaw ito sa kanya noon, pero kaibigan lang talaga ang turing niya rito kaya hindi niya ito sinagot. At sa pagkakaalam niya...

“At may girlfriend na siya,” dagdag pa niya. Nakita niyang parating ang binata, ngunit hindi kasama ang nurse nitong nobya. Baka iba ngayon ang shift ng babae.

“Sino ang may girlfriend?” tanong pa ni Nathaniel na tumabi sa pag-upo sa kanya pagkalagay ng tray nito sa mesa.

“Well, ikaw,” sabi ni Neva bago pa man siya makasagot.

Napatingin sa kanya ang lalaking doktor.

“Ako ba ang pinag-uusapan ninyo?” Napangiti pa ito sa kanya.

His even white teeth seemed to sparkle. His boyish face lit up as he looked at her. Sa totoo lang, he was a tall and good-looking guy. Pero ewan ba ni Blair. Si Sebastian pa rin ang nasa puso at isipan niya. At siguro ay nakatatak na rin ito sa kaluluwa niya kung kaya magpahanggang ngayon ay hindi pa

*How to Ruin Your Ex - Darlene Bollon*

---

rin siya makapag-move on. It was also like Sebastian was her other half. The other half of her soul. Her twin flame.

“Well, na-mention lang. Nasa ibang shift ba ang girlfriend mo?” aniyang kumibit-balikat.

Muling napangiti si Nathaniel sa kanya. “We split up last week.”

## 2

Natigilan pa silang tatlo sa kanilang narinig mula rito.

“Well, I can tell you some other time,” ani Nathaniel na nagkibit-balikat.

“That should be tonight, ’cause we’re going to hang out later,” sabi pa ni Neva na ngumisi. Nag-high-five pa ito at si Jai.

“Well, that’s good. Sama na rin ako kung walang may violent reaction,” pasaring ng binata.

“Naku! Wala!” sansala ni Jai kaagad bago pa man makaimik si Blair.

Nagpatuloy lang siya sa pagkain.

“Pero mangka-cat hunting kami. Kaya huwag kang twat blocker... er... cock blocker. Whatever!” dagdag pa ni Jai.

Napatawa na lang na nailing si Nathaniel sa bakla.

“Dapat bang si Nathaniel ang sinasabihan mo niyan? Di ba dapat ang isang ’yan?” anang Neva na ininguso pa siya.

Inirapan naman niya ito.

---

Nag-handshake ang dalawang lalaki nang magkita sila sa isang restobar na paborito nilang tambayan noon.

“Good to see you, pare,” sabi nila sa isa’t isa. Umupo sila sa mesa na nasa isang sulok.

Nag-order si Sebastian ng appetizer at beer. Nagkuwentuhan silang dalawa. It was over a couple of years since they last saw each other. Naka-base na kasi sa U.S. ang kaibigan niyang engineer.

“So, hindi na kayo nagkikita pa ng ex-fiancée mong si Becca?” naitanong pa niya kay Ian.

“Lumipat na siya sa ibang state. So, no. And it’s for the best for the both of us,” tugon nito. “How about you? Hiniwalayan mo na si Blair. Bakit nga ba? Sa tingin ko ay mahal ka naman niya, pare. Hindi mo pa rin ikinuwento sa ’kin ang nangyari. It was just a blow, pare.”

“You were in a relationship with Becca for five long years. You wanted to marry her. But she got cold feet! Ayokong mangyari din sa ’kin ’yon, pare. So ayokong makipag-commit sa kahit na sino,” he



answered quietly.

Napamaang sandali si Ian sa kanya. “What? Are you f\*cking insane, pare?” Hindi ito makapaniwala sa narinig mula sa kanya. “Bakit ang experience ko pa ang naging dahilan ng hiwalayan n’yo? Iba ang ex ko at iba naman ang... ex mo.”

Pero sa totoo lang ay nakita na minsan ni Sebastian si Blair na may kayakap at kahalikan na isang lalaki sa ospital. Hindi niya kilala ang huli. At sa tingin niya ay iba naman ang lalaking kasama nito ngayon. Ngunit hindi na niya inisip na komprontahin o tanungin ang babae tungkol sa lalaking iyon. Nangamba siya agad noon.

Paano kung balang araw ay iiwan din siya ng naging nobya nang dahil sa lalaking iyon? Kaya minabuti na niyang unahan ang dalaga.

Siguro nga ay hindi ito malaking bagay para sa iba, kahit sa kaibigan niya. Pero para sa kanya ay inisip niya lang na huwag siyang masyadong masaktan kapag hiniwalayan si Blair.

Sebastian must be crazy. He was being illogical, unreasonable and defensive. Nasaktan din naman siya sa ginawa niyang pakikipaghiwalay sa dalaga. Pero hindi niya talaga matanggap na balang araw ay

baka maisipan nitong iwanan siya kapag may nakilala itong ibang lalaking mas bata at mapaibig ito. Paano na siya? Kaya habang mas maaga pa ay iyon na ang ginawa niya.

Uminom pa siya ng kanyang beer. Nahagip ng kanyang mga mata ang bagong dating na mga customers ng restobar. Napamura siya sa kanyang isipan nang makita ang isang magandang babae.

Balingkinitan ito, nakasuot lang ng maikling palda na nag-expose sa maganda nitong legs at tank top na pinarisan ng high-heeled shoes, lampas-balikat ang brown na buhok, may makeup na lalong nagpatingkad sa kagandahan nito at para siyang minamagneto nito kahit hindi siya nito nakikita.

*What is she doing here? Does she know I am here?* napaisip pa ang binata habang nakatingin kay Blair.

May kasama itong tatlo pa. Kilala niya sina Neva at Jai. Pero hindi niya kilala ang lalaking kasama nito ngayon na umakto pang gentleman sa dalaga dahil ito ang humila ng silya para rito.

Parang bigla siyang nagselos sa nakitang tanawin. Kalalabas lang ng issue ng magazine na sinisiraan siya at heto, may kasama palang ibang lalaki ang babaeng ito? He wasn't amused at all! Nagseselos siya!

Napatiim-bagang siyang sinundan ng tingin si Blair na nakatuon lang sa mga kasamahan nito ang pansin. Nag-order na ang mga ito at pinahinto pa niya ang waiter na kumuha ng order ng grupo habang nakamasid lang sa kanya si Ian.

“Iyang Caesar salad na ’yan, lagyan mo ng hiniwang black and green olives. Paborito niya ’yan. Damihan mo. Kilala ko ang nag-order niyan,” sabi pa niya rito.

“Okay po, Sir,” tumangong tugon ng waiter.

“Ano ba ’yon?” tanong pa ni Ian nang umalis na ang waiter.

Napangisi pa siya sa kaibigan. “I’m going to get back at her even just for once.”

Napatitig ito sa babaeng tiningnan niya. Napatawa naman nang marahan si Ian nang makilala nito kung sino iyon.

“Ah, your ex is here! What a jolly coincidence!” natatawang saad nito bago ito uminom ng beer.

He snorted.

---

Napuna pa niyang nagbubulungan sina Neva at

Jai pagkatapos nilang mag-order, kaya tinanong niya ang dalawa.

“Uh, bakit veggies lang kasi ang in-order mo?” ani Neva sa kanya.

“Vegetarian ako, remember?” napatawang tugon pa niya sa kaibigan.

“Iyon na nga, Doc Neva. Vegetarian siya,” sabi pa ni Jai kay Neva. Napasulyap pa ito sa isang direksyon. Napuna niya iyon kanina pa.

Akma siyang lilington sana roon nang hinawakan ni Neva ang kanyang kamay na nakapatong sa mesa. “So, bakit hindi natin tanungin si Nathaniel sa love life niya ngayong nandito na tayo?”

Kaya hindi na lang siya lumingon sa direksyong tiningnan ni Jai at sa halip ay napatinging nakangiti sa katabi niyang lalaki.

“Oo nga. Bakit sinabi mong nag-split na kayo last week?”

“Siyanga naman, Nathaniel,” sang-ayon pa ni Neva. “Maganda at mabait si Julia. Magaling din siya sa trabaho niya.”

Tumango rin siyang sumang-ayon sa kaibigan.

“Well... that’s true. Pero nadiskubre naming hindi talaga kami magkakasundo sa halos lahat ng bagay. Hindi kami compatible. She wants thriller movies, I like action and comedy. She likes to marry later but I want to marry soon, as I want to settle down already. Ilang taon na ba ako, di ba?” Napabuntong-hininga pa ito. “Gusto niya ng isang anak lang. Gusto ko naman tatlo. And the list goes on and on.”

“Aww,” sabay na komento nina Jai at Neva.

Nalungkot naman ang mukha niyang napatingin sa lalaki.

“But why were you together in the first place kung hindi pala kayo magkasundo?” naitanong niya.

“Well, we thought we could somehow work it out. Pero parati kaming nag-aaway. So, we decided to split up. But in good terms, mind you,” tugon nitong ngumiti.

“Aww,” sabay ulit na sabi nina Neva at Jai.

“So you’re a free bird again,” aniya pa kay Nathaniel.

Lalong napangiti ito sa kanya. “Oo, kagaya mo,” anitong medyo pinisil ang ilong niya.

Nabigla si Blair dahil doon. Pero napatawa

siyang tinabig ang kamay nito. At napuna pa niyang nagkatinginan sina Jai at Neva. Pagkatapos ay napasulyap ang mga ito sa iisang direksyon na tiningnan ng mga ito kanina pa.

Lilingon sana siya nang dumating ang kanilang drinks. Pinasalamatan pa niya ang waiter. Natuon na lang sa shake na in-order niya ang pansin. Samantalang cocktails at beer naman ang sa kanyang mga kasamahan.

Ilang sandali pa ang lumipas ay dumating na rin ang pagkaing in-order nila. Hindi niya agad napansing may olives palang hiniwa ang kanyang Caesar salad. Hindi niya napunang kasama iyon sa listahan ng recipe na nasa menu. O baka ay hindi niya lang napuna.

Agad niyang iniluwa ang olives na nasa kanyang bibig.

“Eww!” sabay na turan Neva at Jai. Akto pang parang masusuka si Neva sa ginawa niya. Napangiwi naman ang bakla.

Nagtatakang napatingin si Nathaniel sa kanya.

“Bakit? Ano’ng problema sa salad mo?”

“I hate olives!” sabi pa niyang itinulak palayo

ang plato. Nilagok pa niya ang shake hanggang sa kalahati na lang ang natira niyon para mawala ang lasa ng olives sa bibig niya. Hindi niya talaga bet ang lasa ng olives dahil salty at mapait.

Napalingon pa siya para hanapin ang waiter. At sa halip ay nandilat na lang ang kanyang mga mata nang mapuna niya si Sebastian na nakangiting may kausap.

*No shit! Nandito siya at kasama niya ang best friend niyang si Ian? Kailan pa ito bumalik? aniya sa isipan.*

Sumikdo pa ang puso ni Blair nang bigla habang napatitig sa kanyang ex. Kahit may distansya ang kinaroroonan nila ay klarong-klaro niya ang guwapong mukha ng lalaki.

Memoryado niya kaya ang facial features nito. Matangos ang ilong nito, maganda ang light brown eyes, medyo malantik ang eyelashes nitong dark brown, natural namang brown ang buhok nito dahil sa mestisong Amerikano ito, strong cheekbones and jaw and lips that were always rosy and kissable.

*God, how I miss kissing those lips!* she sighed inwardly.

Nang lilington na ang binata sa kinaroroonan niya

ay agad siyang nagbawi ng paningin. Napakuyom pa siya ng mga palad. Napapaisip siya kung ano ang gagawin ngayong nasa iisang lugar sila ngayon ng ex niya.

“Uhm... nakita mo pala si Bastian?” mahinang untag ni Neva sa kanya. Napasulyap pa itong saglit sa kinaroroonan ng kanyang napaka-hot na ex.

“Bakit hindi n’yo agad sinabi sa ’kin? Kaya pala kanina pa kayo nakatingin doon, eh,” halos pasutsot na kompronta niya kina Jai at Neva dahil sa inis.

“Well, what good does it do to you kung nandiyan siya? Wala ka naman talagang magandang gagawin when it comes to your ex,” taray pa ni Jai, sabay irap sa kanya. Paminsan-minsan talaga gusto niyang dukutin ang mga mata nito.

Napahigit pa siya ng hangin.

“Bakla, sino ba ang hindi mababaliw sa ex niyang ’yan, ha? Tingnan mo nga. He’s oozing with sexiness kahit walang gagawin, kahit nakaupo lang!” sabi pa ni Neva na bahagyang ikinumpas ang direksyon ng binata.

Muli ay napahugot si Blair ng malalim na hininga at napunang napatingin na rin si Nathaniel kay Sebastian. Kahit paano ay napapahiya siya sa



sinasabing ito ni Neva.

Napaismid pa si Jai. “Hay, naku! Kapag ang lalaki ay wala nang gana sa babae, bakit ba hindi kayo makapag-move on na kasi, ha? Kaming mga bakla, *keys!* May iba namang mga cats diyan. Mas maraming matitikman na iba’t ibang brand na hotdog, mas masaya at delicious ang life!”

Sinimangutan pa ni Blair ang gay BFF. “Huwag mo nga akong itulad sa ’yo na bakla. Babae ako, ’no!”

“Kaya nga, eh!” punto nito. “Hindi ka yata nakikinig!”

“Eh, sa mahal ko pa ’yong tao. Gaga ka talaga, bakla ka!” inis na turan niyang tinakot pa itong tusukin ng hawak na tinidor. Nanggigigil talaga siya rito.

“So, why don’t you try and make up with him?” marahang baling Nathaniel sa kanya.

Natigilan ang dalaga at napatitig dito. Nakapokus lang kasi siya sa paggawa ng masama sa ex niya at hindi ang makipagbalikan dito na dapat niya sanang ginawa. At kung kaya kahit na anu-ano na lang ang ginawa niyang pagpapansin para hindi siya nito makalimutan.

Pero sa huli ay wala pa ring epekto kay Sebastian. Hindi man lang ito nag-text o tumawag. Hindi rin nito sinubukang makipag-usap sa kanya. Para itong isang higanteng bato na hindi niya magalaw-galaw kahit na sipain man niya ito o itulak nang napakalakas. At sa huli ay siya rin ang nasasaktan. Napapagod. Subalit ayaw pa rin niyang sumuko.

“Oy, Nathaniel. Huwag mo ngang bigyan ng ideya ang babaeng ’yan. The guy already dumped her. At kung may pride pa siya, dapat na tigilan na kasi niya ang pinaggagawa niyang pagpapapansin sa ex niya na hindi naman talaga effective hanggang ngayon,” sansala pa ni Jai.

Napaiwas naman siya ng tingin at gamit ang straw ay uminom siya ng kanyang shake hanggang sa maubos ito.

“Well, kung may pag-asa pang magkabalikan, bakit hindi puwedeng subukan? Pag-usapan n’yo nang masinsinan. Communication is the best way to understand every situation. After you talk it out and there’s still nothing you can do about your relationship, then that’s the time to move on. You can always start afresh,” seryosong payo pa ni Nathaniel na nakatingin sa kanya.

Narinig niyang bumuntong-hininga si Jai.

Sinulyapan niya ito at si Neva. Napangiti ang huli sa kanya nang matamlay at kumibit ng balikat. Mukhang sinasabi nitong: *“Fine. Why don’t you try that?”*

Napalingon siya kay Nathaniel. “I don’t think I have to talk to him about it. Gusto ko kasing siya ang mauna at ipaliwanag sa akin kung bakit kami naghiwalay.”

Napangiti naman nang naiiling ang psychiatrist.

“Pride. But you’re not going anywhere if it’s blocking your way, Blair. Maniwala ka sa akin. If you really and still love him as you claim it, you have to do everything in your power to make him talk to you. Kailangan mo ng closure if there’s really no second chance for you both. Huwag na’yong naghihintay ka sa wala. You’re going to rot inside without knowing what he really feels about you or not knowing why he dumped you without any valid reason.”

Napasulyap ang dalaga kay Sebastian. At ngayon ay nagkabanggaan ang kanilang mga paningin. Teka, kanina ba siya nito tinitigan nang hindi man lang niya napuna? Pasimple naman itong napabaling ng tingin kay Ian at nagpatuloy na ito sa pakikipag-usap sa kaibigan nito.

Her heart twisted when she looked at his eyes.

*How to Ruin Your Ex - Darlene Bollon*

---

But she couldn't read them. Wala siyang nakitang emosyon.

*That cold bastard! May araw ka rin sa 'kin!* aniya sa isipan at may naglalaro roong isang ideya. Baka sa pagkakataong ito ay makipag-usap na sa kanya ang unforgettable ex niya.

# 3

Nag-bar hopping sila nang iniwan nila ang restobar kung nasaan si Sebastian. Pero soft drink at isang basong cocktail lang ang ininom ni Blair dahil sa busy siya sa kanyang cellphone. Halos lahat ng websites na kahit news o porn sites ay pinatulan na niyang mag-subscribe gamit ang mga alam niyang personal at official e-mail addresses ng dating nobyo.

“Bakit parang mas natutuwa kang nakaharap sa cellphone mo, ha? Mangka-cat hunting nga tayo, di ba?” puna pa ni Jai sa kanya.

May kausap naman sina Nathaniel at Neva na hindi niya kilala nang sulyapan niya ang mga ito. Napalingon pa siya sa katabing BFF.

“Hmm... may importante lang akong tinitingnan,” nasabi niya rito.

“Pa-mystery effect ka pa, eh. Siguro ay may ginagawa ka na naman para mapansin ni Bastian, ano!” hula pa nito.

Ngunit hindi siya sumagot. Sa halip ay isang mysteryosang ngiti lang ang kanyang iginanti rito. Napairap ang bakla at saka tinawag ang isang waiter

na pogi. Nilandi pa nito ang huli.

*Tingnan natin kung hindi ka masorpresa bukas pagbukas ng e-mails mo, Bastian, natutuwang naisip pa niya.*

---

Nanlilisik ang mga mata ni Sebastian habang nakatitig sa monitor ng kanyang laptop. Nasa opisina siya kinabukasan at binuksan niya ang kanyang official e-mail address para tingnan ang ilang mensahe mula sa mga tauhan at mga kliyente. Araw-araw kasi siyang nakakatanggap ng e-mails tungkol sa ilang feedback o kaya ay planning, marketing, proposals at kung anu-ano pa.

Bumalandra na lang sa kanyang inbox ang maraming subscription confirmation at iba pa na dapat ay napupunta sa spam pero hindi pa filtered.

Napakuyom siya ng mga palad. May porn sites pa!

*That pest of a woman!* naisip pa niyang naasar.

Ilang minuto pa ay may bagong dating na subscription confirmation at mga useless newsletters. Sunud-sunod naman niyang dinelete ang mga iyon pati na ang mas nauna pa sa mga ito. Pero halos

kada minuto ay may bagong dating at hindi na niya nakikita pa ang official e-mails niya na natabunan na dahil sa dami ng spam e-mails na napupunta sa kanyang inbox.

“Damn it!” galit na mura niya nang malakas. “Kulang na lang ay virus ang ise-send niya sa e-mail ko!”

Tinawag pa niya si Ryan sa kanyang opisina.

“A-ano po’ng gagawin ko sa laptop ko dito sa office mo, Sir?” inosenteng tanong ng PA niya na nagtataka.

“Akin na muna ’yang laptop mo at i-o-open ko diyan ang e-mail ko.” His face looked surly. Kaya hindi na nagtanong pa ang PA na nanonood lang sa kanyang ginagawa.

Pagkatapos niyon ay napatingin siya sa lalaki. Ibinigay muli niya rito ang laptop nito.

“Delete or block all spam and other irrelevant e-mails in my inbox. Iyan ang gagawin mo sa araw na ito hanggang sa maubos ang mga ’yon. Gusto ko nang basahin ang official e-mails ko, pero may madaming dumadating na walang kuwentang e-mail subscriptions.”

“Yes, Sir.” Umupo na lang Ryan sa living area ng kanyang opisina at doon ito nagtrabaho.

Hinanap na lang ni Sebastian sa kung saang page ang official e-mails niya. Umabot na siya sa page ten ay hindi pa niya nakita ang official e-mails.

Napamura siya ulit. Blair truly knew how to ruin his day. Sinayang pa nito ang oras niya dahil sa mga spam e-mails na iyon. He didn’t anticipate this to happen. Pagkatapos nilang magkita nang nakaraang gabi sa restobar, akala pa naman niya ay wala nang susunod pang gagawin ang dati niyang nobya.

*Alam kaya niyang ako ang may kagagawan sa pagpalagay ng olives sa salad niya kaya siya naghiganti ngayon?* he wondered for a moment. Sa isip niya ay baka bumawi sa kanya ang dalaga dahil sa olives na ipinalagay niya sa salad nito. He was almost amused by this realization and he couldn’t blame her for doing this.

But he was almost positive that she hadn’t possibly known about it. Saka napaisip din siya sa lalaking kasama nito na parang ang lapit-lapit ng mga ito sa isa’t isa. Muli, umahon ang selos sa dibdib niya.

Nakita pa niyang pinisil ng lalaking iyon ang ilong ng dalaga at saka may mga sandali ring seryosong



nag-uusap ang mga ito.

Napasimangot tuloy si Sebastian at napasandal sa kanyang swivel chair. Napaisip siya sa mga kaibigang lalaki ni Blair habang magkarelasyon pa sila noon. Hindi naman karamihan ang mga ito, pero kilala niya mostly ang mga iyon. Pero ang isang iyon kagabi ay hindi... at pati na ang lalaking minsan na niyang nakitang kayakap at kahalikan ng dalaga.

*May bago na kaya siyang boyfriend? Iyon na kaya 'yon?* tanong ng isipan niya. At parang may kung anong pumunit sa isang bahagi ng kanyang puso. Bigla siyang napapilig ng ulo. *Hindi. Hindi ako dapat na maging concerned doon. We're over!*

Pero kahit iyon ang nasa isipan niya ay hindi naman niya mapigilan ang sariling huwag alalahanin ang kanilang nakaraan ni Blair. She was a great lover, he would give her that. Their physical union was always great. Darn! He was even her first! And it was not only that. She did love him so much. Alam niya iyon. At kahit na ano ang gusto niya ay ginagawa nito noon.

Sa kabilang banda, mahal din niya ang dalaga. Kahit na ano pa ang inilambing nito sa kanya noon ay ibinigay niya. But then he suddenly felt choked. She became clingy. He panicked. Ayaw niya ng

commitment. And yet, there was that scene he couldn't just forget... that man she was with at the hospital. Dagdagan pang mabalitaan niya ang paghihiwalay nina Ian at Becca, he was afraid that they would end up like them. Kahit matagal na ang relasyon ay wala iyong kasiguraduhan. At ayaw niyang masaktan siya ni Blair.

What if she'd get cold feet if he wanted to marry her? Oo, naisip niya rin iyon. Kaya bumitaw na nga siya bago pa man siya ang bitawan ni Blair. She was way younger than him and she could always change her mind. Iyon ang naisip ni Sebastian. At natatakot siya roon, kaya inunahan na nga niya ito.

But somehow, he got sick of making some excuses for himself. Napaisip pa siya sa dalaga at sa mga ginagawa nito. Hindi ito masamang babae. Naintindihan niya rin ito. Dahil kahit paano ay alam niyang nasaktan niya ang damdamin nito. Inamin pa nito noon na siya lang ang taong nagmalasakit at nagmahal rito nang lubos. Pero binigo niya ito sa huli.

Bumigat ang dibdib niya dahil sa isiping ito. Kasalanan niya kung bakit nagkaganito ang ex niya. Hindi niya ito masisisi.

“Sir, ayaw n’yo bang patingnan na lang ito sa tech team?” usisa sa kanya ng PA pagkatapos nang

ilang oras.

Napatingin siya rito. “Sino ba ang mapagkakatiwalaan doon?” Bakit kasi hindi niya naisip ito kanina? Sa halip ay nainis at napaisip kasi siya kay Blair.

“May alam ako kung sino, Sir. Mas mabuti yatang gumawa na lang tayo ng bago mong e-mail address at ise-set na lang natin na automatic mag-forward ang lahat ng official e-mails doon sa bagong address,” suggestion pa ni Ryan.

Napahinga naman siya nang maluwag at napangiti.

*You lost, Blair, naisip niya na tila ba ay naglalaro lang silang dalawa ng dalaga. Let’s see what you’ll do next.*

“Fine. Let’s do that, Ryan. At samahan mo na rin ako sa meeting ko mamaya.”

“Yes, Sir. Pupunta lang ako sa tech room at babalik din ako kaagad,” paalam pa ng PA at tumango na lang siya.

---

Binayaran ni Blair ang apat na high school students na kakilala ng kanyang katulong na siyang

inutusan niyang mang-spam sa e-mail ni Sebastian.

“Hanggang weekend ang bayad na ’yan. Kokontakin ko na lang kayo kung may iba pa akong ipagagawa sa inyo. Okay?” nakangiting sabi niya sa apat na teenagers.

“Wala pong problema, Ate Blair,” sabay-sabay na tugon ng mga ito.

Umalis na ang grupo pagkatapos makapag-snacks. Ilang saglit ang lumipas ay tumawag naman sa kanya ang espiya niyang nasa kompanya ni Sebastian, isang customer support.

“O, ano’ng schedule niya in the coming days?” bungad niya kay Maurisha. Umupo pa siya sa lounging chair sa tabi ng swimming pool at napatingin sa lumulubog na araw.

---

Nakakubli si Blair sa isang table na malapit sa isang indoor plant kung saan ay nakikita niya si Sebastian. Nasa isang restaurant sila ngayon at batid niyang isang luncheon meeting ang activity ng binata.

Tinawag niya ang waiter na umasiste kanina sa grupo ng kanyang ex-boyfriend bago pa man ito makapunta sa kitchen para ibigay ang order doon at

ihanda iyon. Ang kasamahan sana nito ang inutusan nitong lumapit sa kanya, pero umiling siya at itinuro pa niya ito. Dahil dito ay lumapit na lang ito sa kanya.

“Ano ang in-order ng tisoy na ’yon?” usisa niya sa waiter.

Napatingin ito sa kanya nang naguguluhan.

“Girlfriend niya ako. Gusto ko lang malaman kung hindi niya nilabag ang mga bawal sa kanya ayon sa kanyang dietitian,” paliwanag pa niya rito nang nakangiti. Batid niyang convincing siya.

“Pork Ragout, banana split at beverage,” sabi nito.

“Ah, paborito nga niya ’yang Pork Ragout. Pakilagyan ng mushroom and cream. Dapat kasi may veggie ’yong pagkain niya, eh.’ Tapos, ’yong banana split ay lagyan mo ng pineapple slices na maliliit.” Binigyan niya ng tip ang waiter pagkasabi niyon.

“Okay po, Ma’am. Sasabihin ko bang nandito ka?”

“No, huwag na. Business meeting kasi niya ’yan. Dapat dito lang ako,” mabilis niyang tugon na umiling.

Umalis ang waiter pagkatapos niyon. Napangiti

pa si Blair sa sarili. Sigurado siyang hindi naman gagawa ng eksena ang lalaki dahil kliyente ang kaharap nito ngayon.

*Hindi ka pa rin ba tatawag sa 'kin, Bastian?*

Tumunog ang kanyang cellphone. “Where are you?” tanong ni Jai sa kanya.

“Bakit?”

“I was going to have lunch with you sa hospital cafeteria, pero wala ka naman sa opisina mo at walang may alam kung saan ka magla-lunch.”

“Uhm... nasa mall ako ngayon. May binili lang. Dito na ako kakain. Sabay na lang kayo nina Neva at Nathaniel para naman hindi masayang ang oras mo sa pagpunta diyan sa ospital.”

Napabuntong-hininga pa ang kaibigan. “Fine. See you later.”

Nagpasya si Blair na huwag nang ikuwento ito sa kaibigan. Alam niyang sesermunan lamang siya nito.

---

Biglang umasim ang mukha ni Sebastian nang akala niya ay maliit na karne ang isinubo niya pero hiniwang mushroom pala.

“Is there something wrong, Mr. Everett?” tanong pa ng kanyang kliyente nang mapuna ang ekspresyon sa mukha niya.

Napatingin din sa kanya ang PA at ang sekretarya ng kliyente. Ngumiti siya nang pilit sa mga ito.

*Damn it! Wala naman ito sa ingredients na sinasabi sa menu, ah!* naisip niya. He hated mushrooms. Or any kind of veggies at that. Naalala niya kasi ang vegan niyang ex-girlfriend. And he was never fond of eating veggies. He was a meat person.

Pero wala siyang magawa kundi ang kainin na lang ang pagkain niya. Pinilit na lang niyang huwag masuka dahil sa lasa ng mushroom. Tinawag niya ang waiter para i-serve na ang kanilang dessert. Tumalima naman ito kaagad at nag-serve na sa bawat isa sa kanila.

Nag-uusap pa sila ng tungkol sa investment ng kliyente niya para sa real estate business ng kanyang pamilya. Dahil sa mag-isa lang siyang anak ng mga magulang na kasalukuyang nasa America ay siya ang nagha-handle sa lahat pati na ang telecom at hotel businesses. Kahit paano ay nalilibang si Bastian sa trabaho para huwag maisip si Blair pagkatapos ng kanilang hiwalayan. He had something else to spend his energy on.

Ang saging ang una niyang kinain bago ang ice cream. Bigla na namang umasim ang mukha niya nang makakain siya ng pinyang itinago sa ice cream. Napapikit siya saglit.

“May brain freeze ka ba, Sir?” pabulong na tanong ni Ryan.

*Blair*, naisip niya na parang isang pagmumura ang pangalan ng dalaga. His eyes were alert as he scanned the room.

At nakita nga niya ang dating kasintahan na aktong sumilip mula sa likuran ng indoor plant malapit sa isang sulok ng restaurant. Matalim niya itong tiningnan.

“Just eat it slowly, Mr. Everett,” nakangiting advise pa ng kliyente niya. “Hindi naman tayo nagmamadali rito.”

Ngumiti na lang siya rito nang matipid. “I’m already full,” aniyang itinulak nang bahagya ang kanyang platong may ice cream pa. Unti-unti na iyong natunaw. Napuna man iyon ng mga kasamahan niya sa mesa ay walang sinabi ang mga ito at sa halip ay nagdiskusyon sila ukol sa negosyo.

“Please, you may go ahead to the office. Ryan will give you a tour around the office building. I just



remember I still have something to do for a little while, so I'll join you in an hour," sabi ni Sebastian sa kliyente nang papalabas na sila.

“Oh, that’s alright, Mr. Everett. I know you’re a very busy person,” sang-ayon pa ng kliyenteng may edad na lalaki.

Napasunod lang siya ng tingin nang makaalis ang mga ito. Saka ibinaling niya ang paningin kay Blair na palabas na rin. Mukhang nagmamadali pa ito dahil nakita siya nitong palapit dito. Hinawakan niya ito sa braso nang mahigpit at saka hinila patungo sa parking lot. Hindi naman ito nagreklamo sa ginawa niya. Isinandal niya ito sa kanyang kotse.

“What do you want from me, huh, Blair?” kompronta niya sa dalaga.

He tried to concentrate on knowing her real motive, not the way her body was looking so seductively in a low-cut neckline blouse and fitting slacks that flared at the hem or the way her favorite perfume played his senses. He refused to see her for a couple of months. But then, since he saw her again at the restobar some nights ago, she’d been invading his thoughts almost every minute of everyday.

Aminado nga siyang mahal niya pa rin ang

*How to Ruin Your Ex - Darlene Bollon*

---

dalaga hanggang ngayon at hindi ito basta-basta mawawaglit sa puso niya.

Itinukod pa niya ang isang kamay para hindi ito makatakbo mula sa kanya. His eyes bored into hers.

“Why can’t you just leave me alone?” inis na dagdag niya.